Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa Negosyo sa Panahon ng Pagkalat ng Coronavirus

Ang Balita Tungkol sa Negosyo na Aming Sinusundan

Ang panukalang-batas na *Emergency Coronavirus* na naipasa na sa kamara ay magbibigay ng mahalagang tulong sa mga maliliit na negosyo na hindi kaya ang mga gastusing pang-manggagawa na may kinalaman sa COVID-19. Ang panukalang-batas ang mabibigay ng mga sumusunod (bukod sa higit pa):

- $367 bilyong mga pautang para sa mga maliliit na negosyo
- Pinalawak na benepisyo para sa mga walang trabaho na pinapalaki ang pinakamataas na benepisyo ng $600 kada linggo at magbibigay ng buong sweldo sa loob ng apat na buwan sa mga manggagawa na pinaalis sa trabaho o na-*lay off*. Ang pagiging karapat-dapat ay pinalawig sa mga nagsasariling mga kontratista o may sariling negosyo.
- Ang mga direktang mga bayad ng $1,200 sa karamihan ng indibidwal na kumikita ng hanggang $75,000, o $2,400 para sa mga mag-asawa/magkasintahan na kumikita ng hanggang $150,000. Ang bawat nakadepende na bata ay magdadagdag sa halaga ng $500, at ang mga pagbabayad ay may hangganan para sa mga mas mataas sa $99,000.

Aming ilalagay dito kapag nakakuha kami ulit ng direktang impormasyon.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa mga Maliliit na Negosyo

Mga Pagpapayo sa Negosyo: LIbreng mga pagpapayo para sa mga negosyo ay maaaring makuha sa isang network ng 70 na sentro ng tulong para sa maliliit na mga negosyo na matatagpuan sa buong estado. Sa mga sentrong ito, ang mga may-ari ng mga negosyo ay matututo ng iba't-ibang programa ukol sa pagtugon sa mga kalamidad at makakuha ng tulong sa pag-access ng mga mapagkukunan ng mga impormasyon tungkol dito. Isang direktoryo na tutukoy kung saang mga sentro ang nagbibigay lingkod sa inyong distrito ay makikita sa: http://static.business.ca.gov/wp-content/uploads/2019/12/2019-TA-Providers-Guide.pdf

Ang *Federal Tax Credit* ay Sasaklaw sa Gastos ng Bayad sa *Sick Leave*: Ang dalawang bagong mga *federal payroll tax credit* na maaaring ibalik ang bayad upang tulungan ang mga maliliit at may katamtamang laki na mga negosyo upang takpan ang gastos sa pagbibigay ng bakasyon ng mga manggagawa na may kinalaman sa coronavirus. Ang mga *federal credit* ay dinisenyo upang agaran at maibalik ng buo ang bayad ng mga maliliit at may katamtamang laki na mga negosyo sa bayarin ng mga bayad na bakasyon. Ang Komite ng JEDE, kasama ang Komite ng Asembleyo para sa Rentas at Buwis, ay humiling sa Opisina ng Gobernador para sa mga Serbisyong Emerhensya na magbigay ng patnubay kung paano mag-aaplay ang *tax credit* sa mga negosyo sa California, na maaaring nagpaalis o naglay-off na ng mga manggagawa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga bagong *tax credit* na ito, makikita ito sa "New Releases sa IRS' COVID-19 webpage: https://www.irs.gov/coronavirus

Bagong Kapital: Napapansin na ang mga negosyo ay nangangailangan ng kapital upang makapagpatuloy sa kagipitang ito at makabalik sa kanilang mga paa, ang mga ahensya sa estado at pederal ay binibigyan ng pakinabang ang mga kasalukuyang programa at pinapagana ang mga programa para sa pagpapautang sa panahon ng kalamidad. Mayroong mga estado at pederal na direktang pagpapautang kasama na rin ang mga garantiya sa pautang ng estado at iba pang mga pagpapahusay ng kredito. Ang Komite ng JEDE ay nirerepaso ang mga programa upang matukoy ang kapasidad at mga limitasyon ng programa upang masapatan ang mga kinakailangan ng mga

malilit na negosyo sa emerhensya ng COVID-19. Ang mga kasalukuyang kasamang programa ay kabilang ang:

- **Mga Programang Pang-Estado:** Ang *California's Small Business Finance Center* ay nagbibigay ng sa mga maliliit na negosyo ng daan sa mga produktong pinansyal, kasama ang *Small Business Loan Guarantee* (garantiya sa pamamagitan ng mga pribadong nagpapahiram) at ang *Jump Start Program* (mga direktang pautang sa mga nesgosyo). Mas madami pang impormasyon ay makikita sa: https://www.ibank.ca.gov/small-business-finance-center/
- Ang California ay nabibigay din ng programang *loss reserve* upang hikayatin ang mga pribadong nagpapahiram na magbigay ng maliit na pautang na pang-negosyo. Mas madami pang impormasyon tungkol sa *California Capital Access Program* ay makikita sa: https://www.treasurer.ca.gov/cpcfa/calcap/sb/institutions.pdf
- **Programang Pederal:** Ang pederal na Administrasyon para sa mga Maliliit na Negosyo ay sinumulan ang kanilang *Economic Injury Disaster Loan Program*, kung saan ito ay nagbibigay ng mababang interes sa pautang na mayroong pagpapaliban ng petsa sa paunang pagbabayad para sa susunod na taon. Mas madami pang impormasyon ay makikita sa: https://www.sba.gov/page/coronavirus-covid-19-small-business-guidance-loan-resources#section-header-0

Mga Kasalukuyang Pautang: Ang mga nagpapatakbo ng estado at pederal ng mga pinansyal na institusyon at nagbigay ng espesyal na direktiba sa mga nagpapahiram na makipagtrabaho sa mga negosyo na baguhin ang mga kasalukuyang mga pautang. Ang direktibang ito na inilabas noong Marso 20, 2020 ay maaaring makita sa:
https://www.federalreserve.gov/newsevents/pressreleases/bcreg20200322a.htm

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Maliliit na Negosyo:

- Mga Karaniwang Katungan para sa mga maliliit na negosyo, sa pamamagitan ng *Governor's Office of Business and Economic Development*.
- Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Para sa mga Restawran at mga Manggagawa na Sinusubukang Kayanin ang Emerhensya ng COVID-19
- Ang Administrador ng Administrasyon ng mga Maliliit na Negosyo sa U.S. ay Nagpatupad ng Awtomatikong Pagpapaliban sa mga Kasalukuyang mga *SBA Disaster Loan* hanggang 2020
- Makipag-ugnayan sa *Alameda County Small Business Development Center* para sa mga pagpapayo at mga libreng webinar online na may kaugnayan sa COVID-19, o tumingin sa kanilang panuntunan para sa mga maliliit na negosyo upang maging ligtas sa COVID-19.

Iba pang mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Negosyo

- Ang Treasury, IRS at *Labor Announce Plan* ay magsasagawa ng *Coronavirus Paid Leave* para sa mga Manggagawa at mga *Tax Credit* para sa mga Maliliit at may Katamtamang laki na mga Negosyo
- Pinahaba pa ng IRS ang Petsa ng Pagfayl ng Buwis hanggang Hulyo 15
- Ang Pansamantalang Panuntunan galing sa CDC para sa mga Negosyo at May-Ari ng Negosyo na Mag-Plano at Tumugon sa Sakit na Coronavirus
- Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Tungkol sa mga Pautang at mga Gawad para sa mga Negosyo sa Panahon ng COVID-19
- Ang *Governor's Office of Business and Economic Development (GO-Biz)* ay nagsama-sama ng makakatulong na impormasyon para sa mga may-ari ng negosyo/amo, manggagawa at lahat ng mga taga-California.

- Puntahan ang website ng *Employment Development Department* para sa tulong para sa mga may-ari ng negosyo/amo, tulad ng tulong sa buwis, pagprotekta ng mga manggagawa laban sa Coronavirus, at mga impormasyon tungkol sa mga programang work sharing.
- Maaaring nakalito kung ano ang karapatan ng mga manggagawa. Tingnan ang tsart na ito upang maintindihan anong mga mapagkukunan ng impormasyon na maaari mong mabasa.
- Kung ang iyong negosyo ay humaharap sa permanenteng pagsasara: *Rapid Response* sa pamamagitan ng *Economic Development Department* ng California
    - Maaaring kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na *America's Job Center* ng California para sa mas maraming impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Rapid Response o makipag-ugnayna sa iyong lokal na *Small Business Development Center*.
    - Ang *Alameda County Workforce Development Board* isang local na kinatawan na maaaring makatulong sa mga may-ari ng negosyo/amo sa programang Rapid Response.